LIGHT FOR THE NATIONS

# Ang Lingkod na Nagdadala ng Ilaw sa mga Bansa

**WEEK 1**

## WARM-UP

- Ano ang isang bagay na hindi mo nagawa noong nakaraang taon? Bakit mo ito namimis na gawin?
- Magkuwento tungkol sa isang desisyon na ginawa mo kamakailan lang. Ano ang naging epekto nito sa iyo?
- Sa mga kapamilya at kaibigan mo, sino ang tumutulong sa iyo na gumawa ng magagandang desisyon? Balikan ang isang pangyayari na nagpapaliwanag nito.

## WORD

*Sinabi niya, "Ikaw na lingkod ko, marami pang mga gawain ang ipapagawa ko sa iyo, maliban sa pagpapabalik sa mga Israelita na aking kinakalinga. Gagawin pa kitang ilaw ng mga bansa para maligtas ang buong mundo."* **ISAIAS 49:6**

(Basahin din ang **ISAIAS 49:7–9.**)

Ang mundong ginagalawan natin ay isang magulo at nasirang mundo. Ang kadilimang ito ay gawa ng kasalanan. Nakikita natin ang karamdaman, pagkamuhi, at kapahamakan sa lahat ng lugar. Subalit hindi ito ang orihinal na disenyo ng Diyos at hindi dito magtatapos ang Kanyang pagtubos. Ang Diyos ay may planong ipanumbalik ang Kanyang nilikha at dalhin ang liwanag sa kadiliman. Ngayon, tingnan natin kung paano nagpapatuloy ang Diyos sa pagtupad ng pangakong ito sa ating mundo.

## 1 Ipinangako ng Diyos ang ilaw ng mga bansa.

*[5]Ang PANGINOON ang pumili sa akin na maging lingkod niya, para pabalikin sa kanya at tipunin ang mga Israelita. Pinarangalan ako ng PANGINOON na aking Diyos at binigyan ng lakas. [6]Sinabi niya, "Ikaw na lingkod ko, marami pang mga gawain ang ipapagawa ko sa iyo, maliban sa pagpapabalik sa mga Israelita na aking kinakalinga. Gagawin pa kitang ilaw ng mga bansa para maligtas ang buong mundo."* **ISAIAS 49:5–6**

Upang labanan ang kadiliman sa mundo, ipinangako ng Diyos ang *ilaw ng mga bansa*. Inihayag Niya ang pangakong ito sa pamamagitan ng propetang si Isaias. Noong panahong iyon, ang mga mamamayan ng Diyos—ang mga Judio—ay naghihintay na maipanumbalik at mailigtas mula sa pagkabihag. Ang pangako ng Diyos ay higit pa sa kanilang pagpapanumbalik. Inihayag Niya na magkakaroon ng lingkod na magiging *ilaw ng mga bansa*. Ang kaligtasan ng Diyos ay hindi lamang para sa mga Judio sa Lumang Tipan, kundi para sa lahat ng mga bansa. Hanggang saan dapat umabot ang kaligtasan ng Diyos?

## 2 Ang kaligtasan ay para sa lahat ng mga tao, hindi lamang para sa mga Judio.

*[6]Sinabi niya, "Ikaw na lingkod ko, marami pang mga gawain ang ipapagawa ko sa iyo, maliban sa pagpapabalik sa mga Israelita na aking kinakalinga. Gagawin pa kitang ilaw ng mga bansa para maligtas ang buong mundo." [7]Ang PANGINOON, ang Tagapagligtas at Banal na Diyos ng Israel ay nagsabi sa taong hinahamak at kinasusuklaman ng mga bansa at ng lingkod ng mga pinuno, "Makikita ng mga hari kung sino kang talaga at tatayo sila para magbigay galang sa iyo. Ang mga pinuno ay yuyuko sa iyo. Mangyayari ito dahil sa akin, ang PANGINOONG tapat, ang Banal na Diyos ng Israel. Ako ang pumili sa iyo."* **ISAIAS 49:6–7**

Upang matubos ang sangkatauhan mula sa kadiliman, plano ng Diyos na magpadala ng isang lingkod, na *hinahamak at kinasusuklaman*. Pagkaraan ng ilang siglo, nalaman natin

na ang propesiyang ito ay nabigyan ng katuparan kay Jesu-Cristo. Siya ang *ilaw ng mundo* (Juan 8:12). Kahit na hindi Siya kailanman nagkasala, pinagdusahan Niya ang kaparusahan na para sa isang kriminal upang pagbayaran ang ating kasalanan. Sa ikatlong araw, Siya ay muling nabuhay. Dahil dito, ang mga tao mula sa lahat ng bansa—hindi lamang ang mga Judio— na sumusunod at naniniwala sa Kanya ay *hindi na mamumuhay sa kadiliman, kundi magkakaroon ng ilaw na nagbibigay-buhay*. Ang kaligtasan ng Diyos ay inihahandog para sa lahat. Paano naaapektuhan ng kaalamang ito ang paraan mo ng pamumuhay?

## 3 Ang mga mamamayan ng Diyos ay gagawin Niyang mga patotoo ng ilaw para sa mga bansa.

*[8]Ito ang sinabi ng PANGINOON, "Sa tamang panahon ay tutugunin kita, sa araw ng pagliligtas ay tutulungan kita. Iingatan kita, at sa pamamagitan mo gagawa ako ng kasunduan sa mga tao. Muli mong itatayo ang lupain ng Israel na nawasak, at muli mo itong ibibigay sa aking mga mamamayan. [9]Sasabihin mo sa mga Israelitang binihag at piniit sa kadiliman, 'Lumabas kayo! Malaya na kayo!'"* **ISAIAS 49:8–9**

Kung wala ang ipinangako ng Diyos na ilaw at kaligtasan, mamumuhay tayo sa kadiliman. Subalit dahil nakilala natin ang Kanyang lingkod na Siyang ilaw ng mundo, si Jesu-Cristo, dapat tayong maging mga patotoo ng ilaw na ito. Makikita natin ang pagliwanag ng Kanyang ilaw sa isang madilim na mundo. Kapag ipinangaral natin ang ebanghelyo, makikilala ng mga tao ang kaligtasang nagmumula kay Cristo (Mga Gawa 13:46–49). Sa lahat ng mga pinagdaraanan natin itong panahong ito, sa palagay mo, bakit mahalaga ang pagiging isang patotoo ng ilaw sa mundo?

## APPLICATION

- Naniniwala ka ba na si Jesus ang katuparan ng ipinangako ng Diyos na ilaw ng buong mundo? Paano nito dapat maapektuhan ang araw-araw mong pamumuhay?
- Sa palagay mo, ano ang nagiging hadlang upang ikaw ay maging patotoo ng ilaw sa buong mundo, at ano ang handa kang gawin tungkol dito ngayon?
- Sino sa pamilya o mga kaibigan mo ang kailangang makakita o makaranas ng liwanag at kaligtasan ng Diyos? Mangakong ibabahagi mo ang iyong patotoo at ipapanalangin sila ngayong linggo.

## PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos na si Jesus ang ipinangakong ilaw na nag-aalis ng kadiliman sa mundo. Hingin na maghari ang Kanyang kaharian dito sa lupa tulad ng sa langit.
- Hingin sa Diyos ang kakayahan at katapangan upang tulungan kang pagtagumpayan ang mga pagsubok na pumipigil sa iyo na maging ilaw sa iba.
- Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon upang maibahagi ang Kanyang salita at maging Kanyang ilaw. Hingin sa Banal na Espiritu na ibigay sa iyo ang mga salita at pagkakataon upang maipangaral ang ebanghelyo.

VICTORY

Honor God. Make Disciples.

© 2021 ng VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit nang may pahintulot mula sa Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

victory.org.ph